# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 14, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED
0 5 NOV 2024
Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG. BAYAN
RELEASED
NAME mai
DATE 11/5/24
TIME ______
STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 340-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 125-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 16-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION II NA MAILABAS ANG TRUST FUND NG TAONG 2021-2023 NA NAGKAKAHALAGA NG P216,459.81 PATUNGO SA PUBLIC ADDRESS, FIRE PUMP, CCTV CAMERAS AT STOCKPILE NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Poblacion II sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 125-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 16-T2024 na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** hindi sapat ang pondong nailaan para sa mga nasabing proyekto;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kapasiyahan/ kautusan ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Kautusan at Batas para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral at pagsusuri ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang kahilingan para sa layunin ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Mark Anthony M. Juangco, at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 125-T2024/ Kautusan Sa Paglalaan Blg. 16-T2024 Ng Sangguniang Barangay ng Poblacion II na mailabas ang Trust Fund ng taong 2021-2023 na nagkakahalaga ng P216,459.81 patungo sa Public Address, Fire Pump, CCTV Cameras at Stockpile ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahan/ kautusang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, DILG, at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 14, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

110424426